NSW GOVERNMENT | Education Public Schools

# SCHOOL SWIMMING AND WATER SAFETY PROGRAM

## Message to Parents / Caregivers

Mensahe para sa mga Magulang/Tagapag-alaga

Ang mga kaayusan ay ginawa na upang isama ang programa para matuto sa paglangoy sa kurikula ng ating paaralan.

Ang Sistema ng Paaralan sa Paglalangoy ng The NSW Department of Education ay isang intensibong programa sa pag-aaral ng paglangoy, na nagtuturo ng kompiyansa sa tubig at nagbibigay sa mga estudyante ng pinakabatayang kasanayan sa kaligtasan sa tubig. Ang Sistema ay isasagawa sa loob ng sampung araw. Ang bawat araw ay 45 minutong leksyon.

Ang mga estudyante na hindi pa nakakaabot sa sapat na pamantayan sa kaligtasan sa tubig at mga kasanayan na mabuhay sa tubig, at hindi makalangoy ng 25m na may tiwala sa sarili at walang tulong sa malalim na tubig, ay elidyibol na sumali sa Sistema ng Paaralan sa Paglalangoy. Ang Sistema ay nakatuon sa mahihinang lumangoy sa mga Years 2-6, gayundin ang mga estudyante na may espesyal na pangangailangan, tulad ng mga bagong dating sa Australya at mga estudyante na may kapansanan.

Ang pagtuturo sa paglalangoy ay gaganapin sa ______________________________
Name of pool

Ang Sistema ay magpapatuloy araw-araw sa **dalawang linggo.**

Petsa ng pagsisimula ____________________ Petsa ng pagtatapos ____________________
Start date / Finish date

Walang bayad ang pagtuturo.

Gastos sa pagbibiyahe ay ______________________________ bawat araw
Daily transport cost

Gastos sa pagpasok sa languyan ay ______________________________ bawat araw
Daily pool entry cost

Ang kabuuang gastos para sa 10 araw na sistema ay ______________________________
Total cost for 10 days

Bawat bata ay kailangang magdala ng damit-panlangoy, tuwalya, blusa o kamisadentro, sombrero at nararapat na damit sa araw na malamig. Kung ang pagtuturo ay gagawin sa languyan sa labas, inirerekomenda na ang mga estudyante ay gumamit ng sapat na proteksyon sa araw, halimbawa SPF 30+ malawak na ispektrum, matibay sa tubig na proteksyon sa araw na regular na pinapahid. Isang T-shirt o rash shirt ay inirerekomenda rin (kung pinapayagan sa paliguan).

Ang mga estudyante ay tatayahin sa panahon ng Sistema ng Paaralan sa Paglalangoy sa lahat ng kasanayan sa kaligtasan sa tubig na hindi gumagamit ng goggles.

Kung ang inyong anak ay elidyibol para sa Sistema, mangyaring kompletuhin at lagdaan ang porma sa pahintulot at ibalik ito sa titser sa klase ng inyong anak.

Prinsipal: ______________________________ Petsa: ____________________
Name of principal / Date

FILIPINO